International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 46-55

# Filipinowitan and Buddy System: Strategies for Enhancing Reading Comprehension Among Grade 5 Learners

**Elaine Jane G. Jael**
H.N. Cahilsot Central Elementary School II

**Anesa P. Mangindra, PhD**
Sultan Kudarat State University

**Abstract**

In the ongoing pursuit of improving young learners' reading abilities, identifying effective instructional strategies is crucial. This study examines the impact of the Buddy System and Filipinowitan approaches in assessing the reading comprehension proficiency of Grade 5 students at H.N. Cahilsot Central Elementary School II during the first quarter of the 2022-2023 academic year. The researcher evaluates students' reading comprehension levels using Phil-IRI as a key assessment tool. A quasi-experimental research design was employed to measure the mean gain scores between pre-test and post-test results. Two groups—the experimental and control groups—played vital roles in this study. The experimental group received instruction through the Buddy System and Filipinowitan strategies, whereas the control group adhered to conventional reading instruction methods. Statistical analyses were applied to the collected data, serving as the foundation for the study’s evaluation.The results indicated that the intervention methods—Buddy System and Filipinowitan—were effective in improving reading comprehension. Pre-test findings demonstrated that both groups exhibited comparable comprehension levels before the implementation of the intervention. However, in the post-test, the experimental group achieved higher scores and demonstrated a more advanced level of reading comprehension than the control group.

Keywords: Buddy System, Filipinowitan, Instructional strategies, Reading comprehension

## Panimula

Ang pagbasa ay mahalaga sa intelektuwal na pag-unlad ng isang indibidwal. Hindi lamang ito sa pagkilala at pag-unawa ng mga salita, kundi isang gawain din na nangangailangan ng malalim na pagsusuri ng impormasyon. Ang kasanayang ito ay pundasyon ng akademikong tagumpay, kung kaya mahalagang malinang ito ng bawat kabataan. Dahil sa pagbasa, nahuhubog ang kaisipan ng tao, nadaragdagan ang kaniyang kaalaman, at napapalawak ang kaniyang pananaw tungkol sa mundo.

Sa pandaigdigang antas, ang kakulangan sa kasanayan sa pagbasa ay nananatiling isang pangunahing hamon sa larangan ng edukasyon. Batay sa ulat ng UNESCO (2021), bago pa man

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 46-55

ang pandemya, mataas na ang bilang ng mga batang may kahirapan sa pagbasa. Noong 2020, 584 milyon ang itinaas sa bilang ng kabataang nakaranas sa suliranin sa pagbasa, isang pagtaas ng 20% mula sa dating 460 milyon. Dagdag pa rito, ayon kina Zawadka et al. (2021), marami ang nakararanas ng hamon sa pag-unawa ng simpleng panuto, tulad ng mga impormasyong nakasulat sa mga pakete ng pagkain at reseta ng gamot.

Sa bansa, maraming batang mag-aaral ang may limitadong kasanayan sa pagbasa. Ayon sa World Bank (2022), ang mga bata ay may 90 bahagdang paghihirap sa pag-intindi sa mga simpleng teksto. Bukod dito, batay sa DepEd Memorandum No. 173, s. 2019, lumitaw sa resulta ng National Assessments na maraming mag-aaral ang hindi nakakamit ang itinakdang kasanayan sa pagbasa at numerasiya. Dahilan nito ang hindi angkop na teksto na hadlang sa pagkakaroon ng malawakang pag-unawa (Gilakjani & Sabouri, 2016). Ipinapakita lamang ang pangangailangan para sa mas epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa upang mapalawak ang lebel ng literasiya ng kabataang mag-aaral.

Sa lokal na antas, ipinatupad ang Division Reading Festival of Talents 2025 alinsunod sa Division Memorandum No. 205 s. 2025 upang mahikayat na paghusayin ng kabataan ang kanilang kasanayan sa pagbasa at pagsasalita. Sa kabila ng mga pagsisikap, patuloy ang mabilis na pagbabago sa paglalapat ng epektibong estratehiya sa pagtuturo. Hindi na angkop ang tradisyonal na paraan ng pagtuturo ng pagbasa dahil hindi ito tumutugma sa interes at pangangailangan ng makabagong henerasyon (Dimaano, 2015). Dahil dito, kinakailangan ang mga inobatibong estratehiya upang matugunan ang mga hamon sa pagtuturo ng pagbasa sa kasalukuyang panahon.

Bagaman marami nang pananaliksik ang isinagawa upang mapabuti ang kasanayan sa pagbasa, may limang pangunahing puwang na nangangailangan ng masusing pagsusuri at interbensiyon batay sa kasalukuyang mga pag-aaral. Una, may limitadong pananaliksik sa pagsasama ng musika bilang interbensiyon sa mga gawaing pagbasa ng bawat kabataan. Pangalawa, hindi pa sapat ang mga pananaliksik sa pagsusuri ng epektibiti ng teknolohiya sa mga gawaing pagbasa sa kontekstong Filipino. Pangatlo, may kakulangan sa pagsusuri kung paano nakaaapekto ang Buddy System sa kabataan sa pagkakaroon ng mataas na lebel sa pag-unawa Pang-apat, hindi malinaw kung paano nakaaapekto ang mga estratehiya sa pagbasa sa motibasyon ng ika-21 siglong mag-aaral.

Panghuli, may kakulangan ng pananaliksik sa epekto ng Filipinowitan bilang isang estratehiya sa pagbasa sa loob ng silid-aralan. (Brown & Harris, 2020; Garcia et al., 2021; Lee & Thompson, 2019; Williams, 2022; Santos & Rivera, 2023).

Nilalayon ng pag-aaral na subukin ang bisa ng estratehiyang Filipinowitan at *Buddy System* sa pagtuturo ng gawaing pagbasa. Ang paggamit ng musika habang nagbabasa ay maaaring makatutulong sa pagpapalawak sa pag-unawa ng kabataan. Mahalaga ang pag-aaral bilang kontribusyon sa pagpapaunlad ng mga epektibong pagtuturo nang higit na matugunan ang pangangailangan ng mag-aaral sa ika-21 siglo. Isinagawa ang pag-aaral sa loob ng taong-panuruan 2022-2023.

### Layunin ng Pag-aaral

Ang pag-aaral ay nilalayong masuri ang epektibidad ng estratehiyang Filipinowitan at *Buddy System* sa mga gawaing pagbasa ng kabataang mag-aaral. Partikular nitong tinukoy ang lebel ng komprehensiyon sa mga gawaing pagbasa ng bawat kabataang mag-aaral sa pangkat eksperimental at kontrolado mula sa resulta ng panimulang pagsusulit (pre-test) at panghuling pagsusulit (post-test), pati na rin ang *mean gain score* ng dalawang pangkat. Sinuri din kung may kaibahan sa lebel ng komprehensiyon ng bawat mag-aaral mula sa dalawang pangkat batay sa resulta ng pre-test at post-test, gayundin kung may pagkakaiba sa *mean gain score* sa pagitan ng kontrolado at eksperimental na pangkat

**Teoretikal na Balangkas**

Ang pag-aaral ay ibinatay sa teoryang *Cognitive Reading Theory* ni Anderson (1985) halaw sa aklat ni Dimaano 2015, na nagpapaliwanag na ang pagkatuto ay isang proseso. Ito ay nakasentro sa kakayahan ng tao na maunawaan at maproseso ang impormasyon kung saan ang kamalayan sa sariling pagkatuto ay nagiging mahalaga sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa. Sa pamamagitan ng sistematikong paggamit ng kognitibong estratehiya, nagkakaroon ng malawak na pang-unawa at kakayahang makapagbigay ng masusing pagsusuri sa binabasang teksto ang mga batang mag-aaral (Cou, 2020).

Bukod dito, isinasaalang-alang sa pag-aaral ang papel ng musika bilang isang *motivational tool* sa pagkakaroon ng magandang *performans* ng kabataang mag-aaral. Batay sa *Musical Complexity Theory* nina Berlyne (1971) at Gasang et al. (2019), ang musika ay may kakayahang makaaapekto nang positibo sa pang-akademikong performans ng kabataan. Gayunpaman, inilahad din nila na ang labis na kompleksidad ng musika ay makaaapekto sa konsentrasyon at maaaring pababain ang dekalidad na pagkatuto.

Ginamit din sa pag-aaral na ito ang Teoryang Interaktibo ni Rumelhart (1985) halaw sa aklat ni Dimaano 2015, na binibigyan ng diin ang interaksiyon ng mambabasa at ng teksto. Ayon sa teoryang ito, ang dating kaalaman, bokabularyo, at pag-unawa sa estruktura ng wika ay nakaaapekto sa kasanayan sa pagbasa. Kapag aktibong inuugnay ng isang mambabasa ang kanyang personal na kaalaman sa impormasyong nasa teksto, mas nagiging malalim at makahulugan ang kaniyang pag-unawa rito.

Ang mga nabanggit na teorya ay naging gabay sa pagsipat ng estratehiyang *Buddy System* at Filipinowitan sa mga gawaing pampagtuturo at pampagkatuto sa makrong kasanayan sa pagbasa. Sa pamamagitan ng mga teoryang ito ay mauunawaan kung paano maaaring mapahusay ng mga interbensiyon ang malawakang komprehensiyon ng bawat kabataang mag-aaral sa mga gawaing pagbasa.

**Metodolohiya ng Pag-aaral**

Ginamit ang eksperimental na disenyo sa pag-aaral upang masukat ang lebel ng pag-unawa ng mag-aaral sa pagbasa gamit ang estratehiyang Filipinowitan at *Buddy System*. Isinagawa ito sa Mababang Paaralang Sentral ng H.N. Cahilsot II, Lungsod ng Heneral Santos, sa dalawang pangkat ng ikalimang baitang: ang eksperimental (5-Jael) at kontrolado (5-Venson), na may tig-

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 46-55

35 mag-aaral. Ang eksperimental na pangkat ay tinuruan gamit ang Filipinowitan at *Buddy System* sa tulong ng *PowerPoint,* samantalang ang kontroladong pangkat ay ginamitan ng tradisyonal na pagtuturo. Upang masukat ang epekto ng mga estratehiya, ginamit ang *pre-test* at *post-test* batay sa Phil-IRI ng DepEd-BLR, at sinuri ang resulta gamit ang estadistikal na pamamaraan. Ang datos ay nakalap matapos ang dalawang buwang interbensiyon, kung saan sinuri ang *mean score, mean gain score*, at ginamit ang *z-test* upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng dalawang pangkat. Ang proseso ng pananaliksik ay isinagawa alinsunod sa etikal na mga pahintulot at naaangkop na *statistical treatment* upang matiyak ang bisa ng pagsusuri.

## Resulta at Diksuyon

### Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa Batay sa Paunang Pagsusulit

Matutunghayan sa Talahanayan 1 ang lebel ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa panimulang pagsusulit ng pangkat kontrolado at eksperimental.

**Talahanayan 1.** **Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral Batay sa Panimulang Pagsusulit (Pre-Test).**

| Grupo | Mean | Deskriptibong Reyting |
|---|---|---|
| Eksperimental | 82 | May kaalaman |
| Kontrolado | 78 | May kaunting kaalaman |

Batay sa Talahanayan 1, ang pangkat eksperimental ay nakakuha ng *mean score* na 82, na may deskriptibong reyting na "May kaalaman," na nagpapahiwatig ng 41-60% pataas na antas ng pag-unawa. Samantala, ang pangkat kontrolado ay may *mean score* na 78, na may deskriptibong reyting na "May kaunting kaalaman," na nangangahulugang nasa 21-40% ang antas ng kanilang pag-unawa.

Batay sa datos, ang pangkat eksperimental ay may pang-unawa sa pagbasa kumpara sa pangkat kontrolado bago pa man ipinatupad ang interbensiyon. Bagaman parehong may kaalaman ang dalawang pangkat, mataas ng kaunti ang pangkat eksperimental sa pag-unawa sa mga teksto. Ito ay maaaring nagpapahiwatig na ang kanilang dating kaalaman at kasanayan sa pagbabasa ay mataas kumpara sa kabilang pangkat.

Ayon kina Duke at Cartwright (2021), ang mabisang interbensiyon sa pagbasa ay higit na nakatutulong lalo na sa kabataang mag-aaral na limitado ang pang-unawa nang mapataas ang kanilang kasanayan sa pagbibigay ng kahulugan sa teksto.

### Pag-unawa sa Pagbasa Batay sa Pangwakas na Pagsusulit

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 46-55

Makikita naman sa Talahanayan 2 sa kasunod na pahina ang antas ng komprehensiyon sa panghuling pagsusulit ng pangkat eksperimental at kontrolado.

**Talahanayan 2. Pag-unawa sa Pagbasa Batay sa Panghuling Pagsusulit.**

| Grupo | Mean | Deskriptibong Reyting |
|---|---|---|
| Eksperimental | 87 | May sapat na Kaalaman |
| Kontrolado | 84 | May kaalaman |

Batay sa Talahanayan 2, ang pangkat eksperimental ay nakakuha ng *mean score* na 87, na may deskriptibong reyting na "May sapat na kaalaman," na nagpapahiwatig ng 61-80% pataas na antas ng pag-unawa. Samantala, ang pangkat kontrolado ay may *mean score* na 84, na may deskriptibong reyting na "May kaalaman," na nangangahulugang nasa 41-60% ang kanilang pag-unawa.

Ipinapakita ng datos na parehong umusad ang dalawang pangkat sa kanilang pag-unawa sa pagbasa matapos ang interbensiyon. Gayunpaman, bahagyang mataas ang naging pagtaas ng pag-unawa ng pangkat eksperimental na maaaring nagpapahiwatig na ang ginamit na pamamaraan ng pagtuturo sa kanila ay epektibo. Ang pagtaas ng kanilang *mean score* ay maaaring resulta ng mas aktibong estratehiya sa pagbasa, paggamit ng mas angkop na materyal, at mas epektibong interbensiyon sa pagkatuto.

Ayon kay Pressley (2021), ang pagpapatupad ng estratehikong pagtuturo ng pagbasa ay maaaring magdulot ng makabuluhang pag-unlad sa kakayahang umunawa ng bawat mag-aaral. Dagdag pa nila, ang patuloy na pagsasanay sa mabisang estratehiya sa pagbasa ay epektibo sa pagtaas ng komprehensiyon at performans ng kabataang mag-aaral.

**Kaibahan sa Mean Gain Score ng Pangkat Eksperimental at Kontrolado sa Panimulang Pagsusulit**

Makikita naman sa Talahanayan 3 sa kasunod na pahina ang *Mean Gain Scores* ng dalawang grupo batay sa resulta ng panimulang pagsusulit.

**Talahanayan 3. Kaibahan sa *Mean Gain Scores* ng Dalawang Pangkat**

| Grupo | n | SD | Mean | df | t-comp | t-critical | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Eksperimental | 35 | 5.5931 | 23.800 | 68 | 5.104 | 0.0001 | Makabuluhan |
| Kontrolado | 35 | 3.2275 | 18.229 | | | | |

*a=0.05 (Level of Significance)*

Batay sa Talahanayan 3, ang pangkat eksperimental ay may *mean gain score* na 23.800 samantalang 18.229 naman sa pangkat kontrolado. Sa isinagawang pagsusuri ng datos, lumabas

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 46-55

na ang *computed t-value* ay 5.104, na mataas kaysa sa *critical t-value* na 0.0001, batay sa 0.05 *level of significance* na nangangahulugang ang pagkakaiba sa *mean gain scores* ng dalawang pangkat ay makabuluhan.

Ipinapakita ng resulta na ang pangkat eksperimental ay nagkaroon ng bahagyang pagtaas sa pag-unlad mga gawaing pagbasa kumpara sa pangkat kontrolado. Ipinapahiwatig nito na ang ginamit na estratehiya sa pagtuturo ay naging epektibo sa pagpapabuti ng kanilang kakayahan sa pagbasa. Ang makabuluhang pagkakaiba sa *mean gain score* ay maaaring nagpapakita na ang aktibong interbensiyon ay bahagya ring nakatutulong sa pag-unawa ng kabataang mag-aaral.

Ayon kay Slavin (2020), ang interaktibong estratehiya sa pagtuturo ay epektibo sa pag-unawa ng bawat mag-aaral at sa pagpapataas ng motibasyon at pakikilahok ng bawat kabataang mag-aaral.

### ***Mean Gain Score*** **ng Pangkat Eksperimental at Kontrolado Batay sa Panghuling Pagsusulit (Post-Test)**

Makikita sa Talahanayan 4 ang *mean gain scores* ng mga respondente batay sa Panghuling Pagsusulit.

**Talahanayan 4.** ***Mean Gain Score*** **ng Eksperimental at Kontroladong Grup Batay sa Pangwakas na Pagsusulit**

| Grupo | N | SD | Mean | Df | t-comp. | t-critical | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Eksperimental | 35 | 3.0725 | 36.971 | | | | |
| | | | | 68 | 5.5348 | 0.0001 | Makabuluhan |
| Kontrolado | 35 | 5.5348 | 29.114 | | | | |

*a=0.05 (Level of Significance)*

Batay sa Talahanayan 4, makikita ang *mean gain scores* ng dalawang pangkat sa panghuling pagsusulit na ang pangkat eksperimental, na binubuo ng 35 kalahok, ay may *mean score* na 36.971. Samantala, ang pangkat kontrolado, na may parehong bilang ng kalahok, ay may *mean score* na 29.114 at *standard deviation* na 5.5348. Ang *computed t-value* na 5.5348 ay mas mahigit kay sa *critical t-value* na .000, na may *p-value* na 0.05 sa lebel ng kahalagahan na nagpapahiwatig ng makabuluhang pagkakaiba sa performance ng dalawang pangkat.

Ipinapakita ng resulta na ang pangkat eksperimental ay nagkaroon ng bahagyang pag-unlad sa mga gawaing pagbasa kumpara sa pangkat kontrolado. Ang mataas na *mean score* ng eksperimental na pangkat ay maaaring nagpapakita ng bisa ng ginamit na interbensiyon sa pagtuturo. Bagaman may pagtaas din sa iskor ng pangkat kontrolado, nananatiling mas mababa ito kaysa sa pangkat eksperimental, na maaaring nagpapahiwatig na ang tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo ay hindi kasing epektibo ng ipinakilalang interbensiyon.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 46-55

Ang mga resulta na ipinakita sa Talahanayan 4 ay suportado ng pag-aaral nina Slavin (2020) at Pressley (2021), na nagsasaad na ang epektibong estratehiya sa pagtuturo ay may mahalagang papel sa pagpapahusay ng kakayahan sa pagbasa ng bawat mag-aaral. Ayon sa kanila, ang paggamit ng makabagong interbensiyon, katulad ng nakabalangkas na gabay sa pagbasa, kolaboratibong gawain, at teknolohiyang pantulong, ay nagbubunga ng mataas na pag-unawa. Ang sistematikong paggamit ng ganitong mga estratehiya ay nakatutulong sa pang-angat ng lebel ng pag-unawa sa bawat kabataang mag-aaral.

**Makabuluhang Pagkakaiba ng *Mean Gain Scores* sa Pagitan ng Dalawang Pangkat Batay sa Panimula at Pangwakas na Pagsusulit**

Inilahad naman sa Talahanayan 5 ang makabuluhang pagkakaiba ng *Mean Gain Scores* ng pangkat eksperimental at kontrolado.

**Talahanayan 5.** ***Mean Gain Score*** **ng Pangkat Eksperimental at Kontrolado**

| Grupo | N | SD | Mean | df | t-comp. | t-critical | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Eksperimental | 35 | 5.5931 | 13.34 | | | | |
| | | | | 68 | 2.66 | .027 | Makabuluhan |
| Kontrolado | 35 | 3.2275 | 10.89 | | | | |
| **Mean Gain Difference=** | **2.45** | | | | | | |

*Two tailed @ a=0.05(Level of Significance)*

Batay sa Talahanayan 5, ang pangkat eksperimental ay nagtamo ng *mean* na 13.34, samantalang ang kontrolado ay may *mean* na 10.89. Ang *computed t-value* na 2.66, na mataas kay sa *critical t-value* na .027 batay sa 0.05 *level of significance*, ay nagpapakita na may makabuluhang pagkakaiba sa pag-unlad ang dalawang pangkat. Ang *mean gain difference* na 2.45 ay nagpapahiwatig na bahagyang pag-unlad ng pangkat eksperimental kumpara sa kontroladong pangkat.

Ipinakikita ng resulta na ang interbensiyon sa pagbasa ay nagkaroon ng positibong epekto sa eksperimental na pangkat. Ang mataas na *mean gain score* nito ay maaaring nagpapakita na ang Filipinowitan at Buddy System ay naging epektibo sa pag-unawa ng bawat kabataang mag-aaral sa mga gawaing pagbasa. Samantala, ang pangkat kontrolado, bagaman may pag-unlad, ay nanatili sa mababang antas, na maaaring nagpapahiwatig na ang tradisyonal lektyur ay hindi gaanong epektibo sa pagpapataas ng kanilang pang-unawa.

Ayon kina Gallagher et al, (2020), ang gabay na pagtuturo at kolaboratibong estratehiya ay mahalaga sa pagpapalalim ng komprehensiyon ng bawat mag-aaral sa mga gawaing pagbasa. Ang

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 46-55

pag-aaaral ay sumusuporta sa kanilang mga natuklasan na ang makabagong pamamaraan pagpapaunawa ng binasa ay mahalaga.

**Diskusyon**

Batay sa resulta ng panimulang pagsusulit (pre-test), ang pangkat eksperimental ay nagtamo ng *mean score* na 82, na may deskriptibong reyting na "may kaalaman," habang ang pangkat kontrolado ay may *mean score* na 78 at may deskriptibong reyting na "may kaunting kaalaman." Ipinakita ng datos na halos magkapareho ang antas ng pag-unawa ng dalawang pangkat bago pa man ipatupad ang interbensiyon.

Samantala, sa pangwakas na pagsusulit, lumitaw na higit na mataas ang *mean score* ng pangkat eksperimental na 87, na may deskriptibong reyting na "may sapat na kaalaman," kumpara sa pangkat kontrolado na may *mean score* na 84, na may reyting na "may kaalaman." Ipinapakita ng resulta na nagkaroon ng pag-unlad sa pagbasang may komprehensiyon ang mga mag-aaral sa pangkat eksperimental na nangangahulugang ang paggamit ng interbensiyong Filipinowitan at *Buddy System* ay naging epektibong estratehiya sa pagpapahusay ng kakayahan sa pagbasa.

Bukod dito, ang pangkat eksperimental ay may *mean gain score* na 23.800 mula sa panimulang pagsusulit na lumago sa 36.971 sa panghuling pagsusulit. Sa kabilang banda, ang kontroladong pangkat ay may *mean gain score* na 18.229 sa panimulang pagsusulit at bahagyang tumaas sa 29.114 sa panghuling pagsusulit. Ang resulta ay nagpapakita na ang interbensiyong ginamit sa pangkat eksperimental ay positibo sa pagpapalawak ng kanilang kakayahan mula sa mga tekstong binasa.

Ipinakita rin ng estadistikal na pagsusuri na may makabuluhang pagkakaiba sa *mean gain score* ng dalawang pangkat. Ang pangkat eksperimental ay may *mean gain score* na 13.34, habang ang pangkat kontrolado ay may *mean gain score* na 10.89. Ang *mean gain difference* na 2.45 ay nagpapakita ng malinaw na pag-angat sa pag-unawa sa pagbasa ng pangkat eksperimental kumpara sa pangkat kontrolado.

Sa kabuoan, pinatunayan ng pag-aaral na ang Filipinowitan at *Buddy System* ay makabuluhan sa mga gawaing pagbasa ng bawat mag-aaral. Sa harap ng mga hamon sa pagkatuto, mahalagang patuloy na pagyamanin ang mga estratehiyang makatutulong sa pagpapalawak ng kanilang kasanayan sa pagbasa upang matiyak ang mataas na komprehensiyon.

**Konklusyon**

Batay sa mga natuklasan, lumitaw na bago ipatupad ang interbensiyon, magkatulad ang lebel ng pang-unawa sa pagbasa ng pangkat eksperimental at kontrolado. Bagaman may bahagyang pagkakaiba sa kanilang paunang kakayahan, parehong nasa katamtamang antas ng pag-unawa ang dalawang pangkat, na nangangahulugang may puwang pa para sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa pagbasa. Dahil dito, nararapat lamang ang pagsasagawa ng mga inisyal na pagsusuri upang matukoy ang lebel ng pang-unawa ng bawat mag-aaral bago ipatupad ang anomang interbensiyon sa pagbasa.

Matapos ang implementasyon, mas kapansin-pansin ang pag-unlad sa pangkat eksperimental kumpara sa kontrolado. Ang pang-unawa sa binasa ng mag-aaral sa eksperimental na pangkat ay nagpakikita na ang paggamit ng *Buddy System* at Filipinowitan ay naging epektibo sa pagpatataas ng kanilang kakayahan sa pagbasa. Samantala, bagaman nagpakikita rin ng pag-unlad ang kontroladong pangkat, hindi ito kasinlaki ng naging progreso sa eksperimental na pangkat. Kaugnay nito, kinkailangan ang malawakang paggamit ng *Buddy System* at Filipinowitan sa mga asignatura upang masuri ang lawak ng kanilang epekto sa pang-unawa ng bawat kabataang mag-aaral.

Ang pagkakaiba sa pag-unawa sa gawaing pagbasa ng dalawang pangkat ay nagpahihiwatig na ang makabagong estratehiya sa pagtuturo ay maaaring magbigay ng mabisang paraan upang mapahusay ang kasanayan ng bawat mag-aaral. Ang aktibong partisipasyon, kolaborasyon, at teknolohikal na interbensiyon ay napatunayang mahalaga sa pagpalalakas ng kakayahan ng kabataang mag-aaral sa mga gawaing pagbasa. Dahil dito, mainam na bigyan ng diin ang pagsasanay ng kaguruan sa paggamit ng makabagong estratehiya upang mas epektibong magamit ang mga ito sa loob ng silid-aralan.

Sa kabuoan, ipinakikita ng pag-aaral na ang interbensiyong Filipinowitan at *Buddy System* ay may positibong ambag sa pag-unawa ng bawat kabataang mag-aaral. Patuloy lamang na magsaliksik sa iba pang inobatibong estratehiya upang higit pang mapaunlad ang kasanayan ng bawat mag-aaral sa edukasyon.

## Mga Sanggunian

Anderson, R. C. (1985). Becoming a nation of readers: The report of the Commission on Reading. *National Institute of Education*

Berlyne, D. E. (1971). Aesthetics and psychobiology. *Journal of Appleton-Century-Crofts* 5(2), 110-112.

Brown, J., & Harris, M. (2020). The role of music in developing reading skills among elementary students. *Journal of Educational Research*, 45(3), 211-225.

Cou, X. (2020). *Cognitive strategies in reading comprehension: A systematic approach to literacy development*. Academic Press.

Department of Education. (2019). DepEd Memorandum No. 173, s. 2019: Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3Bs Initiative). Nakuha mula sa https://www.deped.gov.ph/2019/11/22/november-22-2019-dm-173-s-2019-hamon-bawat-bata-bumabasa-3bs-initiative/

Dimaano, J. (2015). *Pag-unawa at proseso ng pagkatuto sa pagbasa*. ABC Publishing.

Dimaano, L. M. (2015). *Metakognitibong pagbasa: Teorya at praktika*. Cebu City. Sinag-Tala Publications.

Gallagher, M. C. at Pearson, P. D. (2020). The gradual release of responsibility model in reading instruction. *Educational Leadership, 78*(1), 12-16.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 46-55

Garcia, P., Cruz, A., & Dela Peña, R. (2021). *Technology-enhanced reading strategies in the Philippine educational system.* Manila: Philippine Educational Review.

Gasang, M., & Calibayan, J. (2019). Musical complexity and its effects on student performance in reading comprehension. *Journal of Educational Psychology*, 45(3), 211-225.

Gilakjani, A. P., & Sabouri, N. B. (2016). How can students improve their reading comprehension skill? Journal of Studies in Education, 6(2), 229-240.

Lee, C., & Thompson, H. (2019). Examining the buddy system approach in literacy development. *Journal of Reading Education*, 36(2), 98-112.

Pressley, M. (2021). Effective strategies for reading comprehension. *Journal of Literacy Research, 53*(2), 115-132.

Rumelhart, D. E. (1985). Toward an interactive model of reading. In H. singer & R. B. Ruddell (Eds.),Theoretical models and processes of reading. *Journal for International Reading Association,* 3(1), 722-750.

Santos, R., & Rivera, L. (2023). Filipinowitan as a reading strategy: Its effects on student performance. *Philippine Journal of Education and Culture*, 55(1), 32-47.

Slavin, R. E. (2020). *Educational psychology: Theory and practice* (13th ed.). Pearson.

UNESCO. (2021). Global Education Monitoring Report 2021: Non-state actors in education – Who chooses? Who loses? *United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization.* Retrieved from https://unesdoc.unesco.org

Williams, J. (2022). The impact of various reading strategies on student motivation and performance in the 21st century classroom. *Educational Development Quarterly*, 29(1), 75-91.

World Bank. (2022). The State of Global Learning Poverty: 2022 Update. Nakuha mula sa https://www.worldbank.org/en/topic/education/publication/state-of-global-learning-poverty

Zawadka, J., Nowak, M., & Kowalski, T. (2021). Reading comprehension challenges among students: An analysis of literacy skills in everyday contexts. Journal of Educational Research and Practice, 11(3), 45-58.